REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-177

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PAGLIKHA NG BAGONG POSISYONG DENTIST III AT NURSE III BILANG PERMANENTENG POSISYON SA TANGGAPAN NG PANGKALUSUGAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA AT PAGBIBIGAY NG KAUKULANG SAHOD NA NAAAYON SA UMIIRAL NA PASAHOD SA MGA KAWANI NG PAMAHALAAN.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng mga permanenteng posisyon sa isang tanggapan at pagkakaloob ng kaukulang sahod ay nararapat para sa maayos na galaw sa pagtupad ng tungkulin ng mga kawaning matatalaga dito;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng permanenteng posisyon ay kinakailangan upang maprotektahan at magkaroon ng kasiguruhan sa ginagampanang tungkulin (security of tenure) ang mga kawani o opisyal para sa kanilang kapakinabangan bunga ng kanilang matapat na paninilbihan;

SAPAGKAT, ang mga posisyong Dentist III at Nurse III ay lubhang kailangan at nararapat sa Tanggapan ng Pangkalusugan para sa mabuting takbo nito at mapagsilbihan ng maayos ang mga dumudulog dito;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na pagtibayin ang paglikha ng bagong posisyong Dentist III at Nurse III bilang permanenteng posisyon sa Tanggapan ng Pangkalusugan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila at pagbibigay ng kaukulang sahod na naaayon sa umiiral na pasahod sa mga kawani ng pamahalaan, at napagpasiyahan pang muli na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Joint Commission on Local Government Personnel Administration, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Komisyon ng Kalakhang Maynila at Komisyon ng Serbisyo Sibil.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng lahat ng kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 145 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-4 ng Marso 1991.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**


Kapasiyahan Bilang 91-177

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pansamanatalang Pambayang
Kalihim

PBS/vts